地域から始めよう！
しずおか防犯まちづくり

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 254

Marso 13, 2024
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka para sa Pag-iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Opisina ng Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL:054-221-3715



## Dumadami ang mga nabibiktima ng mga investment scam!



### Ano ang investment scam?

- Kadalasang nakikita ang mga ito sa mga advertisement na lumalabas sa social media, o kaya naman ay direktang mensahe mula sa hindi kilalang tao
- Mga pangako gaya ng "Hindi ka mawawalan ng pera" at "Talagang malaki ang kikitain mo"
- Aayain kang mamuhunan sa foreign exchange o virtual na pera (crypto) at sila na ang bahala sa perang ibibigay mo
- Ipapakita na malaki na ang kinita mo pero hihingi pa ng karagdagang pera.



Pagkatapos ng paulit-ulit na paghingi ng pera, hindi na makontak ang scammer!


## Mga Paraan Upang Maprotektahan Ang Iyong Pera



★ Kung ang isang taong nakilala mo sa SNS ay nag-aalok sa iyo ng pamumuhunan, ito ay isang scam!

★ Mangyaring mag-ingat kapag pinag-uusapan ang pera!





Pinagmulan: Shizuoka Prefectural Police